

Sekswal na Pang-aabuso at mga Indibidwal na may mga Kapansanan sa Pag-develop

Ano ang Sekswal na Pang-aabuso?

Ang sekswal na pang-aabuso o pangmomolestiya ay anumang sekswal na gawain na nagaganap nang hindi kinukuha ang mutwal na pagpayag. Ang sekswal na gawain na ito ay nagaganap gamit ang lakas, pananakot na berbal o pisikal, o kaya ay sekswal na pananamantala sa ibang tao. Ang sekswal na pang-aabuso ay maaaring nagaganap nang isang beses, o paulit-ulit sa loob ng mas mahabang panahon.

Pwedeng maiwasan ang sekswal na pag-aabuso! Ang mga direct support professional (DSPs) ay pwedeng makipagtulungan sa mga indibidwal na sinusuportahan nila para malaman kung paano tugunan ang sekswal na pang-aabuso. Ang fact sheet na ito ay makakatulong sa mga DSP kung paano balangkasin ang mga pag-uusap tungkol sa sekswal na pang-aabuso kasama ang mga taong sinusuportahan nila.

Pagkapribado at Ating mga Katawan

Tayong lahat ay karapat-dapat sa pagkapribado, ito man ay pagprotekta sa ating mga katawan (maaaring ayaw mong hipuin sa partikular na mga bahagi) o sa ating mga emosyon (tulad ng kung parang hindi ligtas na sabihin sa isang tao ang tungkol sa isang bagay), o sa ibang domain ng buhay. Dapat igalang ang personal na mga desisyon ng bawat isa.

Pagbibigay ng Pahintulot o Pagsasabi ng “Hindi”

Ang **Pahintulot** ay kapag ibinigay mo sa isang tao ang permiso na gawin ang isang bagay. Sa isang relasyon mahalagang hingin ang pahintulot bago hipuin ang ibang tao. Ito ay maaaring simple: Pwede ka lamang magtanong ng, **“OK ba ito?”**, binibigyang panahon ang isang tao na sumagot ng **“oo”** o **“hindi.”** Minsan ang isang tao ay humihipo sa iba bago humingi ng pahintulot; *hindi ito OK*.



Kapag ang isang tao ay hindi humihingi ng pahintulot bago humipo, mailalagay nila ang taong iyon sa isang di komportableng posisyon. Ang isang hindi inaasahang paghipo ay maaaring ipagpapalagay na aksidente o nilalayong magdulot ng pinsala.

Ang bawat tao ay may karapatang magsabi ng **“hindi”** sa anumang sitwasyon na nagpapa-uncomfortable sa kanila. Ang ilang tao ay nahihirapan sa pagsasabing **“hindi”** gamit ang mga salita. Kabilang sa mga paraan ng pagsasabi ng **“hindi”** ang **nakahalukipkip** o **pag-iling ng iyong ulo**. Kapag ang isang tao ay nagsasabi ng **“hindi”** ang desisyong ito ay dapat palaging igalang!

Ilang Posibleng Palatandaan ng Sekswal na Pang-aabuso

- Mga pasa sa dibdib o bahagi ng ari
- Di maipaliwanag na sekswal na mga impeksyon
- Madalas o pabalik-balik na urinary tract infections (UTIs)
- Napunit, may mantsa, o may dugong damit
- Binabangungot at umihi sa highaan
- Takot sa sekswalidad
- Pananakit sa sarili

Kung hindi ka sigurado na ang Isang Bagay ay Dapat Isumbong, Isumbong Pa Rin Ito

Kapag ang isang pinaghihinalaang sekswal na pang-aabuso ay hindi naisumbong, maaaring patuloy na bibiktimahin ang indibidwal at maghihirap sa mga resulta. Kapag nagaganap ito, ang mga serbisyo at suportang kailangan para tulungan ang indibidwal ay maaaring hindi maibigay.

Bilang minandatong mga reporter, ang lahat ng DSP (kabilang ang staff ng rehiyonal na center) ay inuutusang isumbong ang lahat ng insidente ng pang-aabuso. Ang mga indibidwal na may intelektwal at/o developmental na kapansanan ay madalas na nakakaranas ng mga sekswal na pang-aabuso na nananatiling hindi naisumbong.



Mga Hakbang na Magagawa ng mga Provider para Maging Handa sa Pagtugon sa mga Insidente ng Pinaghihinalaang Sekswal na Pang-aabuso

- **Alamin nang maaga kung saan tatawag at kung paano hihingi ng tulong sa inyong komunidad.** Ang timing ay maaaring kritikal sa mga sitwasyong ito.
- **Kumilos ayon sa mga patakaran ng inyong ahensya,** tiyakin na ang lahat na kailangang abisuhan ay maagang napapaalaman.
- **Magbigay ng ginhawa at suporta sa indibidwal.**
- **Kung posible, ipreserba ang anumang ebidensya sa eksena** ng insidente para sa disposisyon ng tagapagpatupad ng batas
- **Iwasan ang pagtatanong sa indibidwal tungkol sa insidente.** Ang bihasang mga imbestigador ay ang nasa pinaka-mahusay na posisyon para gawin ito.
- **Protektahan kaagad ang indibidwal mula sa patuloy na kontak sa sinasabing nagkasala.**
 - Kung ang sinabing may paglabag ay isang DSP o staff, ang nasabing tao ay dapat ilayo mula sa direktang kontak sa mga indibidwal na sinusuportahan.

- Kung ang sinasabing nakalabag ay ibang indibidwal, mang-ingat para ihiwalay ang mga ito para protektahan ang iba mula sa pinsala.
- **Isumbong kaagad ang lahat ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa Pamproteksyong Serbisyo sa mga Nasa Hustong Gulang.** Huwag balewalain o i-dismiss ang alinman sa nasabing mga ulat, mapapaniwalaan man ang mga ito o hindi. *Ang angkop na mga awtoridad ay magpapayo pa depende sa sitwasyon.*
- **Isumbong ang lahat ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa Rehiyonal na Center sa loob ng 24 oras. Makipagtulungan sa coordinator ng serbisyo ng indibidwal para isaayos ang mga serbisyong pansuporta tulad ng pagpapayo at terapiya.**

Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

- California Adult Protective Services: <https://www.cdss.ca.gov/inforesources/adult-protective-services>
- Illinois State campaign “Imagines Project” doc on Women with Disabilities and Sexual Abuse (2010): <http://accessingsafe.wpengine.com/wp-content/uploads/2015/06/mini-module-4-education-guide.pdf>
- California Coalition against Sexual Assault: <http://www.calcasa.org/>
- National Sexual Assault Hotline: <https://www.rainn.org/>